
2

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pakikilahok sa mga Proyektong Pangkomunidad



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_AP 2_ Module 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pakikilahok sa mga Proyektong Pangkomunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Anibay F. Santos |
| **Editor:** | Lamberto F. Gamurot |
| **Tagasuri:** | Bobby P. Caoagdan, Allan T. Manalo |
| **Tagaguhit:** | Hersa F. Huet |
| **Tagalapat:** | Hersa F. Huet, Anibay F. Santos |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas<br>Nestor P. Nuesca, Angelica M. Burayag, Paulino D. De Pano,<br>Bobby P. Caoagdan, Helen R. Bose |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region III**

Office Address: Address: Diosdado Macapagal Government Center,Maimpis, City of San Fernando, (P)
Telefax: (045) 598-8580
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pakikilahok sa mga Proyektong Pangkomunidad

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makalalahok sa mga proyekto o mungkahi na nagpapaunlad o nagsusulong ng natatanging pagkakakilanlan ng komunidad.







## Subukin

**Panuto**: Isulat ang **Tama** kung ang pangungusap ay wasto at **Mali** naman kung hindi wasto. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

__________1. Walang magagawa ang batang tulad mo para maisulong ang natatanging pagkakakilanlan ng inyong komunidad.

__________2. Sa aktibong pakikilahok ng mga mamamayan sa mga proyekto ng komunidad ay maisusulong ang pagkakakilanlan nito.

__________3. Hindi na nararapat pang pakialaman ang mga gawain sa komunidad.


__________4. Makilahok sa mga gawain na makatutulong sa ikauunlad ng komunidad.

__________5. Ipaubaya sa mga nanunungkulan ang pagsulong pagkakakilanlan ng komunidad.

# Aralin 1 Pakikilahok sa mga Proyektong Pangkomunidad

Nakikibahagi ka ba sa mga proyektong nagsusulong sa pagkakakilanlan ng inyong komunidad?

Ano ang iyong pakiramdam na alam mong mayroon kang nagawa para sa iyong komunidad? Kung ito ay hindi mo pa nagawa, huwag kang mag-alala. Pagkatapos ng araling ito ay marami ka pang pagkakataon upang makalahok sa mga proyektong makapagsusulong sa natatanging pagkakakilanlan ng iyong komunidad.



## *Balikan*

**Panuto:** Suriin ang bawat gawain. Isulat ang tsek ✓ sa iyong sagutang papel kung ang gawain ay makatutulong sa pagsulong ng natatanging pagkakakilanlan ng komunidad at ekis ✗ naman kung hindi.

________1.Pagbili ng produkto at pagkain na gawa sa sariling komunidad.

________2.Pagtapon ng basura kahit saan.

________3.Pag-iwas sa mga programa ng komunidad.

________4.Pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran.

________5.Pagpapanatili at pangangalaga ng mga likas na yaman.

Ang natatanging pagkakakilanlan ng isang komunidad ay maisusulong kung ang bawat mamamayan dito ay nagkakaisang maisakatuparan ang mga magaganda at kapakipakinabang na mga proyekto at programang pangkomunidad.



*Mga Tala para sa Guro*


Ang pakikilahok sa mga gawaing nakapagsusulong ng natatanging pagkakakilanlan ng komunidad ay tungkulin ng isang responsible at produktibong mamamayan.

# *Tuklasin*


Naranasan mo na bang lumahok sa mga proyekto o programang pang komunidad?
Alin sa mga gawain na nasa mga larawan ang nilahukan mo na?
Poster
Making

Basahin ang kuwento sa ibaba.

Makakaya kung Magkakaisa ni Anibay F. Santos



Maraming binago ang *COVID-19* sa mga buhay natin. Ngunit sa kabila ng pandemyang kinakaharap ng ating bansa maging ng buong mundo, nananatili pa ring nagkakaisa ang mga mamamayan sa Barangay May Pag-asa.

Bawat tahanan ay nagpapanatali ng kalinisan ng kanilang kapaligiran. Pagwawalis, *pagdidis-infect* at tamang pagtapon ng basura ay kanilang nakagawian. Ang pagsusuot ng *facemask* ay hindi nila kinakalimutan. Isang dipang layo sa bawat isa ay kanila ding tinatandaan. Lahat ay nag-iingat upang maiwasan ang pagkalat ng *virus* na kinatatakutan.

Maging ang pagtatanim ng mga halaman ay kanilang pinagkaabalahan. Magulang at mga anak ay sama-sama sa paghahalaman. Mga bunga ng tanim nilang mga prutas at gulay ay kanilang napakikinabangan sa oras ng pangangailangan.

Para sa kanila ang pagsugpo sa pandemya ay kanilang makakaya kung sila ay magtutulungan at magkakaisa.

## *Suriin*

Napakahalaga ng ating pakikilahok sa mga proyektong naghahangad ng pagsulong ng pagkakakilalan ng ating komunidad.

Kahit anong uri pa ng komunidad, maliit man o malaki ay maisusulong ang pagkakakilanlan nito kung ang mga mamamayan ay makikilahok at magkakaisang gawin ang mga proyektong naayon para dito.

Narito ang mga paraan upang makalahok sa mga proyekto o mungkahing gawain na nabanggit sa nakaraang aralin.

| Mungkahing Gawain o Proyekto | Halimbawa Kung Paano Makilahok |
|---|---|
| Clean and Green Program | Maaari kang maglinis ng iyong kapaligiran o magpasama sa nakatatanda upang maglinis ng ilang bahagi ng iyong komunidad .<br>Tamang pagtatapon ng basura.<br>Makilahok sa paggawa ng poster o islogan na nagsusulong para sa kalinisan. |
| Sagip Kalikasan | Maaari kang manghikayat ng iyong kamag-aral o kaibigan na magtanim ng mga puno at halaman sa inyong komunidad.<br>Maaari ka rin gumawa ng poster na nagbibigay diin sa kahalagahan ng mga puno. |

| Mungkahing Gawain o Proyekto | Halimbawa Kung Paano Makilahok |
|---|---|
| Pagpapahalaga sa mga Tradisyon, Kultura, Pagkain at Produkto ng Komunidad | Pagsali sa paggawa ng poster o islogan na nagpapakita ng pagmamalaki sa sariling produkto.<br><br>Pakikilahok sa mga tradisyunal na pagdiriwang sa komunidad<br><br>Pagsali sa paligsahan ng pagluluto ng kilalang pagkain sa komunidad<br><br>Pagtangkilik sa sariling produkto. Pagsali sa mga *street dancing* na bumubuhay sa mga katutubong sayaw. |

# *Pagyamanin*

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong batay sa kuwentong “Makakaya kung Magkakaisa”. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1.Ano-ano ang mga gawaing pang komunidad ang nabanggit sa kuwento?

2.Naranasan mo na rin bang makilahok sa mga gawaing kagaya ng mga ito?

3.Alin sa mga gawaing ito ang makatutulong sa pagsulong ng pagkakakilanlang kultural ng iyong komunidad?

4.Paano makatutulong ang mga gawaing ito sa pagsulong ng pagkakakilanlang kultural ng komunidad?

## Isaisip

**Panuto:** Punan ang bawat patlang. Piliin ang tamang sagot sa kahon.

| | |
|---|---|
| mungkahi | responsable |
| pakikilahok | pagsusulong |

Ang aktibong ___(1)___ng mga mamamayan sa mga proyekto o ___(2)___ay makatutulong sa pagpapaunlad at ___(3)___ng natatanging pagkakakilanlan ng komunidad.

Ang pakikilahok sa mga proyektong pangkomunidad ay tungkulin ng isang ___(4)___, mapanagutan at produktibong mamamayan.

## Isagawa

**A.Panuto**: Pumili ng isa sa mga proyekto sa inyong komunidad na iyong nilahukan. Ilarawan sa 2-5 pangungusap kung paano ito ginagawa at paano ito nakatutulong sa pagpapaunlad ng natatanging pagkakakilanlan ng inyong komunidad. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Rubrik sa Paglalarawan sa Proyektong Pangkomunidad

| Mga Krayteria | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Kaangkupan sa paksa | Lubhang naging malinaw ang pagkukuwento sa proyektong pangkomunidad | Naging malinaw ang pagkukuwento sa proyektong pangkomunidad | Hindi gaanong malinaw ang pagkukuwento sa proyektong pangkomunidad | Hindi naging malinaw ang pagkukuwento sa proyektong pangkomunidad |

| Mga krayteria | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Pagkaga-wa | Nakapag-lahad ng 5 pangu-ngusap sa paglala-rawan sa proyekto | Nakapag-lahad ng 4 na pangu-ngusap sa paglala-rawan sa proyekto | Nakapag-lahad ng 3 pangu-ngusap sa paglala-rawan sa proyekto | Nakapag-lahad ng 2 pangu-ngusap sa paglala-rawan sa proyekto |

**B.Panuto:** Gumawa ng isang poster na nagpapakitang pagtangkilik sa sariling produkto ng komunidad. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Rubrik sa Paggawa ng Poster

| Mga Krayteria | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Pagka-malikhain | Lubos na nagpakita ng pagka-malikhain sa paggawa | Naging malikhain sa paggawa | Hindi gaanong naging malikhain sa pag-gawa | Walang ipinamalas na pagkama-likhain sa paggawa |

| Mga Krayteria | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Kaangku-pan sa paksa | Ang buong poster ay nakapag-bigay ng kumpleto, wasto at mahala-gang impor-masyon tungkol sa pagtang-kilik sa sariling produkto ng komuni-dad | Ang buong poster ay nakapag-bigay ng wastong impor-masyon tungkol sa pagtang-kilik sa sariling produkto ng komuni-dad | Ang buong poster ay kulang sa impor-masy on tungkol sa pag-tangkilik sa sariling produkto ng komuni-dad | Ang buong poster ay walang impor-masyon tungkol sa pagtang-kilik sa sariling produkto ng komunidad |
| Presentas-yon | Naging malinis at maayos ang pagkaka-gawa ng poster | Naging maayos ang pagkaka-gawa ng poster | Hindi naging maayos ang pagkaka-gawa ng poster | Hindi naging malinis at walang kaayusan ang pag-kakagawa ng poster |

# *Tayahin*

**Panuto:** Iguhit ang bilog kung ito ay paglahok sa gawain na nagsusulong ng natatanging pagkakakilanlan ng komunidad at kahon naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

___________ 1.Pagbibigay ng libreng bakuna sa mga bata sa komunidad.

___________ 2.Paggawa ng poster at islogan na nagsusulong na masagip ang kalikasan sa polusyon.

___________ 3.Pagbibigay ng pagkain sa mga nasalanta ng bagyo.

___________ 4.Pagsali sa *street dancing* na nagpapakita ng katutubong sayaw.

___________ 5.Pagtatanim ng mga puno at halaman sa komunidad.

# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Gumawa ng islogan na naghihikayat na dumayo at kilalanin ang iyong komunidad. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Rubrik sa Paggawa ng Islogan

| Mga Krayteria | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Pagka-malikhain | Lubos na nagpakita ng pagka-malikhain sa paggawa | Naging malikhain sa paggawa | Hindi gaanong naging malikhain sa paggawa | Walang ipina-malas na pagka-malikhain sa pag-gawa |
| Kaang-kupan sa paksa | Lubhang naging malinaw ang pagsasabi at pagha-hatid ng mensahe | Naging malinaw ang pagsa-sabi at pagha-hatid ng mensahe | Hindi gaanong malinaw ang pagsa-sabi at pagha-hatid ng mensahe | Hindi naging mali-naw ang pagsa-sabi at pagha-hatid ng mensahe |

| Mga Krayteria | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Presen-tasyon | Naging malinis at maayos ang pagka-kagawa ng islogan | Naging maayos ang pagka-kagawa ng islogan | Hindi naging maayos ang pagka-kagawa ng islogan | Hindi naging malinis at walang ka-ayusan ang pag-gawa ng islogan |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. Mali
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Mali

**Balikan**

1. /
2. X
3. X
4. /
5. /

**Pagyamanin**

1. Paglilinis ng kapaligiran, *Pagdidisinfect,* Pagtatapon ng tamang basura pagsusuot ng *facemask,* isang dipang layo sa bawat isa, pagtatanim ng mga halaman.
2. Ang sagot ay ayon sa karanasan ng mga bata
3. Paglilinis ng kapaligiran at pagtatanim ng mga halaman.
4. Nakapapagpapanitili ang mga ito ng kalinisan ng kapaligiran at nakatutulong sa pagsagip sa kalikasan.

**Isaisip**

1.pakikilahok
2,mungkahi
3,pagsusulong
4.responsable

**Isagawa**

A. Ang sagot ay batay sa nilahukang proyekto o programa sa komunidad

B. Gamitin ang rubrik sa pagtataya ng poster.

**Tayahin**

1. □
2. ○
3. □
4. ○
5. ○

**Karagdagag Gawain**

Gamitin ang rubrik sa pagtataya ng islogan.

# *Sanggunian*

Admin, Guro. "Most Essential Learning Competencies (Melcs)- Complete Files - Guro Ako". Guro Ako, 2020. http://guroako.com/2020/06/02/most-essential-learning-competencies-melcs-completefiles/.

Gloria Cruz. Charity Capunitan, Emelita Dela Rosa, and Leo Arrobang. "K TO 12 GRADE 2 LEARNING MATERIAL IN ARALING PANLIPUNAN". *Slideshare.Net*, 2013. https://www.slideshare.net/lhoralight/k-to-12-grade-2- learning-material-in-araling-panlipunan.

Eskwelanaga.Files.Wordpress.Com.https://eskwelanaga.fil es.wordpress.com/2011/02/pakikilahok-sapagpapaunlad-ng-kumunidad.pdf.

Zel Hizon. "Panagbenga Festival(Pista Ng Bulaklak)". HAMSFIL9L, 2016.

Christopher Madrigal. Pagsulong At Pagbabago, Komunidad 2 (Edisyong K-12). Reprint, Makati City,Philippines: Diwa Learning System Inc., 2014.

Edna Severo. Araling Panlipunan 2 Kagamitan Ng Mag- Aaral Sa Kapampangan. 1st ed. Reprint, Pasig City, Philippines: Department of Education- Bureau of Elementary Education, 2013.

Agatha Tugano. "Oplan Sagip Kalikasan". Prezi.Com, 2015. https://prezi.com/2vnck2ffswhv/oplan-sagip-kalikasan/

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph